Pagsasara sa Weekend sa Southbound U.S. 101 Bayshore Freeway (Hospital Curve)
Nobyembre 6-9 Biyernes, Nobyembre 6, 11 p.m. hanggang Lunes, Nobyembre 9, 6 a.m.

Sarado ang Lahat ng U.S. 101 Southbound Lane sa pagitan ng 17th St. at Cesar Chavez

SAN FRANCISCO COUNTY — Sa weekend ng Nobyembre 6-9, lahat ng U.S. 101 Bayshore Freeway (Hospital Curve) southbound lane sa pagitan ng 17th St. at Cesar Chavez ay isasara upang makumpleto ng Caltrans ang muling pag-aspalto sa mga southbound lane ng freeway. Magsisimula ang pagsasara ngayong weekend sa Biyernes Nobyembre 6, 11 p.m. hanggang Lunes, Nobyembre 9, 6 a.m.

Sa buong panahon ng pagsasara ngayong weekend, hindi makakadaan ang mga motorista sa mga sumusunod na rampa:

- Rampa papasok sa 4th St.
- Rampa papasok sa 7th St.
- Rampa papasok sa 10th St.
- WB 80-NB 101 Central Freeway Connector

Nagsimula ang muling pag-aspalto sa U.S. 101 Bayshore Freeway (Hospital Curve) noong Setyembre sa mga northbound lane, na sinundan ng gawain sa dalawang southbound lane noong Oktubre. Ngayong weekend, ipagpapatuloy ng Caltrans ang proyekto sa pamamagitan ng muling pag-aspalto sa natitirang dalawang southbound lane. Ang proyektong ito ay bahagi ng mas malawak na proyekto sa rehabilitasyon ng U.S. 101 Bayshore Freeway (Hospital Curve) na nagsimula noong Taglagas ng 2025.

Mahalagang tandaan:

- Lahat ng southbound 101 Bayshore Freeway (Hospital Curve) lane sa pagitan ng 17th St. at Cesar Chavez ay isasara.
- Lahat ng northbound lane ay mananatiling bukas para sa pagbiyahe ng publiko.
- Dapat iwasan ng mga motorista ang pagdaan sa southbound 101 Bayshore Freeway (Hospital Curve) dahil sa inaasahang mga pagkaantala.
- Gamitin ang SB I-280 bilang alternatibong ruta.

Mga Benepisyo para sa Nagmamaneho at Komunidad

- Ang natapos na Work Freeway corridor ay napanatili na ngayon upang magtagal nang hanggang 40 taon.
- Mas maayos at mas komportable ang biyahe at pagmamaneho.
- Pinaigting ang pangkalahatang kaligtasan sa freeway.

Manatiling May Alam

Para sa mga pinakabagong update, bisitahin ang sfhighwayprojects.com kung saan patuloy na magbibigay ang Caltrans ng mga update habang kinukumpirma ang mga iskedyul.

Dapat na regular na bumisita ang mga motorista para sa pinakabagong impormasyon sa konstruksyon, epekto sa trapiko, at mga detalye ng detour. Maraming salamat sa iyong pasensya at kooperasyon sa buong panahon ng gawaing rehabilitasyon sa SB U.S. 101 Bayshore Freeway (Hospital Curve).

Para sa real-time na trapiko, mag-click sa Caltrans QuickMap: http://quickmap.dot.ca.gov/

Kumonekta sa Amin Caltrans D4 I San Francisco County | 111 Grand Avenue | Oakland, CA 94612

